Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-09 NG ENERO, 2020

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | Kasangguni |

---

## KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 02-2020

ISANG PANUKALANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGKAKALOOB NG KAPANGYARIHAN AT KAPAHINTULUTAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG AMA COMPUTER COLLEGE - MALOLOS CAMPUS PARA SA PROGRAMANG WORK IMMERSION PROGRAM PARA SA MGA MAG-AARAL NG SENIOR HIGH.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, kinikilala ng estado, alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 13, Artikulo 2 ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang mahalagang gampanin ng kabataan sa paghubog at pagpapaunlad ng bansa, kung kaya't gampanin ng estado na siguraduhin ang pagpapalakas ng sektor na ito;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagkakaloob ng dekalidad na antas ng edukasyon sa mga kabataan nito at pagpapalakas ng sistemang umiiral patungkol sa edukasyon at paglinang sa kakayahang intelekwal, pisikal at emosyonal ng mga kabataang Malolenyo;

SAPAGKAT, ang AMA Computer College - Malolos Campus ay isang institusyong nagkakaloob ng Senior High School (SHS) alinsunod sa mga regulasyon at tagubilin ng Kagawaran ng Edukasyon at bahagi nito ang mga programa o strands na Science, Technology, Mathematics and Engineering (STEM), Accountancy, Business and Management (ABM) at ang Humanities and Social Sciences (HUMSS);

SAPAGKAT, alinsunod sa itinatagubilin ng Republic Act No. 10533 o mas kilala bilang Enhanced Basic Education Act of 2013 o ang K-12 Program ng Pamahalaan ang pagsasailalim ng mga mag-aaral sa Senior High School (SHS) sa Work Immersion Program upang sanayin, malinang at maging handa sa hamon ng buhay labas ng paaralan;

SAPAGKAT, handang tumugon ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos sa kanyang bahagi, upang mapagbuti at madagdagan ang mga kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa Lungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KUNG KAYA'T, sa kahilingan ni IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya, na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na makalagda at makapasok sa isang Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng AMA Computer College - Malolos Campus para sa programang Work Immersion Program para sa mga mag-aaral ng Senior High.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

***KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*01092020